PANALANGIN NG

# Paglaya

BATAY SA

## Lucas 4:18–19

*Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasaakin,*
*sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral*
*sa mga mahihirap ang Magandang Balita.*

*Isinugo niya ako upang ipahayag sa mga*
*bihag na sila'y lalaya,*
*at sa mga bulag na sila'y makakakita.*

*Isinugo ako upang palayain ang mga inaapi,*
*at upang ipahayag ang panahon*
*ng pagliligtas ng Panginoon.*



**Bishop Cynthia Moore-Koikoi**
***Bishop of The United Methodist Church***
*Western Pennsylvania*

***Diyos ng mga aliping Hebreo,*** Moises, Jeremiah, Esther, ang lalaking tinatawag na Legion, ang babae sa balon, Harriet Tubman, ang Freedom Riders, Nelson Mandela, Cesar Chavez, Vincent Simmons, ang Central Park 5, Berta Cáceres at Joan Baez; Diyos ng lahat ng namuhay sa pagkaalipin, maling pagkabilanggo o inapi; Diyos ng lahat na nakipaglaban para sa mga nakabilanggo at inaapi; - pinupuri namin ang Iyong Banal na pangalan.

Salamat sa Iyong Espiritu na nagpapalaya sa mga bilanggo, nagbibigay ng paningin sa mga bulag sa kanilang partisipasyon sa mga sistema ng pang-aapi, at sumisira sa mga istruktura ng pag-uusig at pagsasamantala.

Ipinagdarasal namin ang mga nakabilanggo, lalo na ang mga taong ang tanging "krimen" ay pagiging miyembro ng inaaping mamamayan. Idinadalangin namin na ang mga Esther at Chaveze na kabilang sa amin na Iyong tinawag ay titindig at magsasalita sa mga pamunuan, mambabatas, gobernador at presidente na idinedeklara nang buong puso ang mga sinaunang salita ni Moises, "Payaunin Mo ang aking bayan!"

Ipinagdarasal namin na mabuksan ang mga mata ng mga mapang-api at mga nagbebenipisyo sa mga sistema ng pang-aapi. Ipinagdarasal namin na sila ay titindig, babaling at pupunta sa ibang daan na nagsisisi sa kanilang kasalanan at magsimulang kumilos upang maibalik ang katarungan sa mga lugar kung saan walang hustisya, at samakatuwid, walang kapayapaan.

Makapangyarihan sa lahat, kung tinatawag Mo ako upang maging Esther, tulungan Mo akong magkaroon ng lakas ng loob upang tumugon.
Kung tinatawag Mo ako upang magsisi, buksan ang aking mga mata!
Sa pangalan ni Hesus, aking dalangin. Amen.



**Si Rev. Eric Mayle**
***ay ministro ng koneksyon sa Calvary United Methodist Church***
*sa Nashville, Tenn.*

***Diyos ng Pagbabagong Disyerto,***

Ikinukumpisal namin na kami ay natatakot sa disyerto
kahit na binasbasan Mo si Hagar doon.

Kami ay natatakot sa disyerto
kahit na pinalaya Mo ang Iyong mga nagpaaliping bayan doon.

Kami ay natatakot sa disyerto
kahit na si Hesus ay nanalangin doon.

Tulungan Mo kaming maging mga taong disyerto na
pinalaya at binago sa pamamagitan ng kawalan ng ginhawa.

Dalangin namin ang lakas ng loob upang makinig
sa mga paraan na ginagambala kami ng Iyong Espiritu
alang-alang sa aming paglaya.

Panginoon, alam namin na ang Iyong Espiritu ay nakikipag-usap sa amin
sa pamamagitan ng aming kapwa.

Sa disyerto ng kaguluhan ng lahi sa aming lupain,
bigyan Mo kami ng kahandaan ng puso
upang makinig sa aming mga itim at kayumangging kapwa
kahit na kami ay ginagawa nitong hindi komportable;
Panginoon, lalo na kapag kami ay ginagawa nitong hindi komportable.

Palayain sa aming mga puso ang pangangailangang magkaroon ng huling salita;
Alisin sa aming mga balikat ang pamimilit na laging itama ang aming kapwa;
Tanggalin sa aming isipan ang mga baluktot na ugat ng paghahari ng puti,
upang maging malaya kami sa pagtanggap ng patnubay at pagpapalang
ibinibigay Mo sa amin
sa banal na templo ng aming kapwa.

Amen.



**Rev. Dr. Giovanni Arroyo**
***General Secretary:***
***GCORR***
*Washington, DC*

***Dakilang Tagapaglikha ng Obra maestra, idinisenyo Mo ang sangkatauhan sa Iyong Imago Dei, at ito ay mabuti.***

Inaangkin namin ang araw na ito upang mabuhay sa paglaya mula sa
Mga bias na hindi makatao sa amin;
Mga sistemang patuloy na nang-aapi sa isang grupo kumpara sa iba;
Mga pag-uugali na pumipinsala at sumisira sa mga relasyon;
at ang mga paraan na patuloy na inaangkin ang kapangyarihan sa mga komunidad at sa Iyong malikhaing kaayusan.

Naninindigan kami na may katiyakan na ang Banal na Espiritu ay aakay sa amin sa paglaya,
mula sa kaguluhan patungo sa kaayusan,
mula sa kawalan ng hustisya patungo sa hustisya,
mula sa hindi nakikita patungo sa kabuuan,
mula sa galit patungo sa pag-ibig,
mula sa pang-aapi patungo sa Kalayaan!

Kaya, matapang kaming nakikiisa sa pag-awit ng mga salitang himno ng Timog Aprika: Parating na ang kalayaan. Parating na ang kalayaan. Parating na ang kalayaan. Mangyari nawa! Amen



**Kenneth Dulanas Base**
*Lokal Youth Pastor*
*UMC-Mortola St.*
*Cagayan de Oro City,*
*Philippines*

***Diyos ng lahat ng tao, kaibigan ng mga dukha,***
***ang aming banal na tagapagpalaya.***

Ipinangako Mo sa amin ang kaligtasan
sa pamamagitan ni Kristo
ang langit ng hustisya, awa at katuwiran.

Tulungan kaming malampasan ang mga alalahanin
at banta ng buhay
upang ang lahat ay mamuhay nang may pagkakaisa,
pagkakaibigan at ang katatagan ng buhay ang pumapalibot sa amin.

Sa pamamagitan ng Iyong Banal na Espiritu
gawin kaming tagapagsalita ng Iyong gawaing nakapagliligtas,
kamay na nagpapaginhawa,
tagapagbigay ng pagkain para sa mahihirap,
liwanag na nagpapasiklab ng pag-asa
patotoo ng Iyong pag-ibig
at kampeon ng Iyong kapayapaan sa lahat.

Amen.



**Nadia Kanhai**
***NIC Chair,***
***Anti-Racism Task Force,***
***co-chair CCORR***
*Aurora, IL*

***Pinaka Banal at Makatarungang Tagapagligtas,***

Ang aming pananabik para sa Mabuting Balita ay natupad na. Ang pinakahihintay na oras ay malapit na sa amin at gayon pa man kami ay natatakot na tunay na mapalaya. Matitikman ba namin ang matamis na paglaya at umatras sa kaligayahan ng aming mga takip sa mata at kulay rosas na mundo?

Sumigaw kami ng “Pagalingin Mo kami!” Ngunit ang paglilinis ng sugat ay masakit!

Ang tag-araw ng 2020 ay naglantad ng mga patong-patong ng paghahari ng puti na binuo sa aming mga institusyon at lipunan. Kami ay sama-samang bumangon upang talunin ang halimaw, baluktutin ang arko at magdeklara ng bagong katotohanan. Ngunit ang ilan ay sinira ang ari-arian at ninakawan. Hindi kami iyon. Ang paglaya ba ay para din sa mga magnanakaw?

Ang mga kontra sa Asyano na hate crime at #SayHerName ay matalas na sumalubong sa rasismo na may misogyny at sekswal na karahasan. Totoo bang kumain ka kasama ang mga nagpapautang na may malaking interes at kalapating mababa ang lipad? Kung hindi ito ang aming ipinapahayag na kami, mayroon pa bang paglaya para sa amin?

Kung palalayain namin ang mga bilanggo, dapat ba naming ipaubaya sa Iyo ang paghuhukom at paghahatol? Ilalagay Mo ba sila sa pantay na katayuan kasama namin? Sa itaas namin?

Nakatitiyak ka ba sa bagay na ito sa paglaya, Panginoon? Parang ito ay liberal na adyenda. Binabaliktad Mo ang aming mundo paloob at palabas. Paano namin malilimutan ang pangingilag na itinuro sa amin buong buhay? Hindi man lang namin maisip ang tunay na paglaya na ipinangako Mo. Tulungan ang aming kawalan ng pananampalataya.

Ang Iyong paglaya ay para sa mahihirap, bilanggo, bulag at inaapi. Matupad nawa ang Iyong kalooban para sa Iyong mga minamahal na anak. Lupigin ang aming pagmamalaki, takot, kawalan ng katiyakan at pagdududa at akayin kami sa Iyong matamis na paglaya. Amen.



**Vince Gonzales**
*Lay person*
*GCORR Board Member*

***Makalangit na Manlilikha, halina sa amin,***
***dahil ang pangangailangan ay napakalaki.***
Nawa'y ang mga walang laman na tiyan ay mapuno ng hustisya
at ang malulungkot na bulsa ay sumambulat ng kapayapaan.

Nawa'y dumating ang kalayaan sa lahat ng mga bilanggo.
Yaong mga nabilanggo ng kasalanan, adiksyon, takot,
digmaan at mga pader, parehong pisikal at metaporiko.

Buksan ang aming mga mata upang aming makita ang Iyong Nilikha
sa lahat ng kamanghaan nito. Nawa'y hindi na kami madapa sa aming
sariling kadiliman, bagkus, hayaan Mo kaming lumakad sa Iyong liwanag.

Sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo,
ako ay muling isinilang kasama ng Banal na Espiritu. Tulungan Mo akong
pamunuan, gabayan at protektahan, ngunit ang pinakamahalaga, turuan
akong sumunod, at ituro sa akin ang daan na dapat kong tahakin.

Nawa'y manatiling nakatutok ang aking mga mata kay Hesus,
sa Kaninong pangalan ako ay dumadalangin, Amen.



**Bishop Sudarshana Devadhar**
*Bishop of The United Methodist Church New England Annual Conference*

Pinuno: Diyos na Lumikha, ang mundo ay patuloy na sumisigaw,
"Awitan kami ng isa sa mga awit ng Sion!" ( Awit 137:3 )

***Mga Tao: Ngunit tulad ng aming mga ninuno sa pananampalataya,
patuloy kaming nagtatanong, "Paano namin aawitin ang awit ng Panginoon
sa lupang banyaga?" (Awit 137:4 )***

Pinuno: Ipaalala sa amin, O Diyos, na saan man kami nakatira, ito ay hindi na banyaga,
kundi lupain Mo na. Tulungan kaming parangalan ang lupaing ito bilang sagrado.

***Mga Tao: Paalalahanan kami na ang mga awit ng Sion ay dapat awitin sa lahat
ng dako at sa lahat ng oras sa aming pandaigdigang komunidad.***

Pinuno: Mapagpalang Diyos, hindi namin tunay na pinaparangalan at iginagalang ang
Iyong nilikha bilang mabubuting katiwala. Ang aming pagkabigo na makita na
ang bawat tao ay nilikha sa Iyong sariling imahe...

***Mga Tao: Ang aming pagtanggi na ipagdiwang ang mundong Iyong ibinigay sa amin
nang may kabanalan at kagandahang-asal...***

Pinuno: Ang aming kawalan ng kakayahang awitin ang mga awit ng Sion, sa pamamagitan
ng aming mga labi, puso, isipan at aksyon,

***Mga Tao: Ay nagdulot ng sakit, galit, pagdurusa, kawalan ng hustisya sa lahi,
kahirapan, digmaan at tunggalian sa aming mga komunidad,
bansa at mundo.***

Pinuno: Maawaing Diyos, dinggin Mo ang aming mapagpakumbabang kumpisal na kami ay
nagkasala sa Iyo sa pamamagitan ng pagtangging awitin ang mga awit na ito ng Sion.

***Mga Tao: Inaamin namin na ang aming katahimikan - kapag ang mga kasamahan at
kaibigan na may iba't-ibang kulay ng balat, punto o kultura ay hindi patas
na trinato — ay ginagawang mas malakas ang nang-aapi at nakapinsala sa
mga inaapi. Inaako namin ang responsibilidad na iyon para sa aming kahinaan
at kabiguan.***

Pinuno: Makapangyarihang Diyos, pagkalooban Mo kami ng biyaya, lakas ng loob
at karunungan upang maging dinamikong mga alagad ni Hesukristo,
na puspos ng makapangyarihang Banal na Espiritu...

***Mga Tao: Upang aming maawit nang may kagalakan ang mga awit ng Sion saan man
kami naroroon. Upang isabuhay namin ang mga salita ng aming awit sa
pamamagitan ng aming mga gawang banal na katapangan. Upang patuloy
kaming magmartsa patungo sa Sion. Upang kami, bilang mga binyagang
Kristiyano, ay lumaban sa lahat ng uri ng rasismo, hindi pagkakapantay-pantay
at kawalan ng hustisya.***

Pinuno: Gawin Mo kaming bago. At tulungan kaming alalahanin at ibalik ang aming
kasunduan sa binyag,

***Mga Tao: Upang kami ay maging Iyong minamahal na komunidad, at upang malaman
ng mundo. Na kami ay nakatuon sa pagbuwag sa lahat ng uri ng -ismo at
pang-aapi na sumisira sa ugnayan ng sangkatauhan. Ipinangangako namin
ang aming sarili sa pag-awit ng bagong awit, na awitin ang mga awit ng
Sion palagi at saanman sa aming lupain. Amen.***